# OUR LADY OF IMELDA

Sa Bikol, ang kapiyestahan ni Inâ (katawagan sa Birhen ng Peñafrancia, counterpart ng Apo ng mga Ilokano) ang itinuturing na pinakamalaking selebrasyon, at ang claim na nga ngayon, ito na ang largest Marian Feast sa buong bansa. Kaya maliban sa pagiging "Heart of Bicol" ng lungsod ng naga, naipasa na rin ng lokal na konseho ang bagong taguri nito bilang "Pilgrim City" na maaaring itulad na rin ito sa Fatima sa Portugal at Lourdes sa France o kaya ang Guadalupe sa Mexico. Ngunit di tulad ng tatlong Marian sites, walang mga visionaries sa naratibo ng Birhen ng Naga, walang mga batang indigent, illegitimate o illiterate ang nagsabing nakita at nakausap nila ang babaeng nakaputi na lumulutang sa puno o kaya'y nasa grotto, umiiyak at nagsusumamong magdasal para sa world peace. Sa kaso naman ng birheng laging may cameo role sa mga Mexicans telenobela, isang indio, si Juan Diego, ang pinakitaan at humiling na maipatayo sa burol na iyon ang isang simbahan na ngayon ay dinarayo na ng mga debotos ng Guadalupe, na higit na mas sumikat kaysa sa orihinal na Guadalupe na nasa Espanya.  Sa katunayan, higit na sikat ang mga birhen sa Third World Countries kaysa sa kanilang counterparts sa Europa, katulad na lamang ng Guadalupe sa Mexico, Perpetual Help o Prompt Succor sa Roma na taob sa kasikatan kaysa sa picture frame na nasa Baclaran, at ang Peñafrancia sa Naga.

Malamang kung mangyari man itong aparisyon na ito sa ating panahon, tiyak na mapagkakamalang white lady at kakaripas sa takbo ang mga batang uragon. Kung world peace lang naman ang sasabihing mensahe tiyak na malalaos na kaagad ang birhen dahil gasgas na itong linya sa mga beauty pageants na usong-uso rin sa Katolikong mundo ng

Bikol, kung saan ipinapanganak ang mga Little Saint Bernadettes, Little Santo Niños, hanggang sa mga Ginoong San Antonio Ogbon, Reyna Elena for all ages, at ang taunang regional search na nangyayari rin sa buwan ng Setyembre. Kasali rin siyempre dito ang gay at mga paminta (pa-mhen) editions. Noong dekada ’90 na lamang nalaglag ang title na Miss Peñafrancia at Miss Gay Peñafrancia dahil na rin sa pakiusap ng simbahan na huwag di umanong gamitin sa ganoong aktibidad ang pangalan ng Inâ.

Kung mayroon mang popular na kuwentong pinagpapasa-pasahan simula pa noong panahon ng mga Kastila na may koneksyon sa debosyon ng Inâ ay ang tungkol sa isang asong sinasabing nabuhay matapos itong boluntaryong ibigay ng may-ari para gamitin ang dugo nito sa pagkulay sa kinomisyong imahe ni Padre Miguel de Covarubias. May bahid ng animismo ang ganoong sakripisyo ngunit hindi rito nagwawakas ang naratibo ng aso, dahil sinasabing muling nabuhay diumano ang aso matapos giikan ito sa leeg at itapon sa katabing ilog. May dokumentong nakalagak sa artsibo ng Roma ang bumabanggit tungkol sa unang himalang ito na naitala ng mga prayleng Dominikano, ang mga *domini canis* o mga “aso ng Diyos”. Anuman ang nangyari sa asong ito, pinaniniwalaan na lamang na tunay na milagroso noon pa ang Inâ sa Naga at totoong hindi naman na bago ang kuwento ng mga banal na aso sa katalogo ng simbahan. Sikat na sikat ang aso ni San Roque, at makikita rin ito sa mga imahen nina Santo Domingo na may kagat-kagat na sulo samantalang dinidilaan naman ng mga aso ang sugatang si San Lazaro.  Sumikat rin ang kanta ng bandang Yano tungkol sa banal na aso at santong kabayo na paborito pa rin namang kantahin sa mga videokehan at minsan ko na rin itong narinig mula sa isang paring nagbibigay ng homiliya sa Siete Palabras.

Marami rin daw buwaya sa ilog ngunit nang magsimula na ang debosyon sa Mahal na Inâ ay bigla na lamang naglahong parang bula ang mga buwaya sa ilog. Sinasabing ang ingay na nililikha tuwing *Sakay* (ang prusisyon sa Ilog Naga) ang tuluyang nagpaalis sa mga buwaya sa dating nilang teritoryo.

**I. September 16, 1972: Ang Signos ng Colgante sa Naga**

Sa pag-aakda ng kasaysayan ng debosyon sa Mahal na Birhen ng Peñafrancia may isang trahedyang muling naganap sa ilog. Ngunit walang mga buhay na asong umuwi ng araw na iyon, o mga alay na kinain ng buwaya. Itinatala bilang isang "mahalagang pangyayari" ang trahedya sa Colgante noong Setyembre 16, 1972, kung saan humigit sa isang daang tao ang nasawi, nalunod at nakuryente, nang biglaan na lamang bumagsak ang nasabing tulay sa mismong okasyon ng *Sakay*.

Wala pang Basilica Minore noon, kaya ang sentro ng aksyon ay ang simbahan sa Francia, ang orihinal na sityo ng debosyon. Nagsimula ito bilang isang kapilya na ipinatayo para sa mga cimarrones o ang mga remontados "taong bundok", na sa kabila ng pagiging mga binyagan ay hindi rin naman nakumbinsi ng mga Kastila na manahan sa kanilang itinakdang sentro. Sa unang bahagi ng ika-18 siglo, ganap na naisakatuparan ng mga prayle ang ilang mahahalagang muhon sa kanilang ebanghelisasyon at isa na rito ang ganap na pagpapanatili ng mga cimarrones sa iisang lugar at ito ang sityo sa Francia, kung saan magsisimula ang debosyong huhulma sa identidad ng mga Katolikong Bikolnon. Sa tala ng simbahan, ang mga cimarrones ang humingi ng kanilang patrona na agad naman na pinabigyan ng simbahan sa pamamagitan ng isang peninsulares na pari na may malalim ng panata sa Mahal na Birhen ng Peñafrancia sa Espanya. Unang ipinalaganap ng nasabing pari ang debosyon sa Peñafrancia sa Paco, Manila hanggang sa

ipinatawag siya ng obispo sa Nueva Caceres at dito sa Naga sinimulan niya ang pagpapakilala sa kanyang patrona na magiging isang malaking icon para sa mga Bikolnon.

Dagdag na dahilan pa rin siguro ng pagiging popular ng kapiyestahan ay ang mismong produksyon ng pagtatanghal ng pagpipintakasi sa Mahal na Ina mula sa *Traslacion*, o ang paglilipat ng imahe mula sa Basilica Minore/ Peñafrancia Shrine patungo sa katedral hanggang sa muling pagbabalik nito sa kanyang tahanan sa pamamagitan ng *Sakay.* Hindi pasibo ang debosyon kundi may aksyon, may performace ika nga. At katulad ng pagsasayaw sa Obando, ng penitensya sa Quaipo, ng taong putik at tatarin sa kapiyestahan ng Bautista, ang ganitong eskima ng paglilipat at pagbabalik ng imahe ni Inâ ay nakapadron sa drama ng Katolikong framework na kailangang may aalis at babalik, may kumbersyon at kapatawaran, may pagsakit at ginhawa. Sa madaling sabi, may panibagong buhay pagkatapos ng purgasyon at retribusyon at nakasentro sa imahen ng mahal na patron bilang conduit o minister ng biyaya man ito o pabuya.

Sa buong selebrasyon ng Peñafrancia, nakapaloob din ang elemento ng pagbibinyag, ng paglusong sa ilog at sabay-sabay na pag-ahon mula sa tubig, at kasama sa ritwal ng pagluluwal na ito ni Inâ, na kailangan ng mga Katolikong Bikolnon sa pagbubuo ng isang regional identity. Kaya naman sa logo ng partylist na "AKO BICOL", isa ang Inâ/birhen sa simbolong ginamit kasama ang Bulkang Mayon, butanding, baka, niyog/gata, pinya, pili at sili. Ang birhen ang iniluklok sa pinakamataas na bahagi ng logo dahil na rin sa divinidad na tinataglay nito. May mga naniniwalang bagaman isa siyang mapagkalingang Ina na inililigtas ang Bikol sa mga tiyak na trahedya ng bagyo at pagsabog ng bulkan, hindi rin naman daw nito ginugusto na may iba pang babaeng na

nakasakay sa pagoda. Ang prusisyon na ito na nagaganap tuwing Setyembre at nilalahokan ng bawat sektor ng lipunang Bikolnon ang nananatiling pinakamalaking espektakulo sa Naga, sa kabila ng mga pagtatangka ng probinsya ng Albay man o Camarines Sur, na gumawa ng iba pang palabas at mag-organize ng iba't ibang festivals katulad ng Tinagba, Kaogmahan, Ibalon, Cagsawa, at ang bagong Magayon Festival, na isang buwang selebrasyon ng samu't saring cultural shows, beer plazas, beauty contests, rock concerts, at iba pang extravaganzas ito'y sa kabila ng ang Bikol ang isa sa may pinakamataas na malnutrition rate sa buong kapuluan.

Sa loob ng mahigit tatlong daang taon, ang debosyon sa Ina ang nanatiling sentral na metapora sa pagiging Bikolnon, sa kabila ng pagsulpotan ng iba pang icons. Sa mga logong ginagawa katulad ng mga conventions at conferences na ginagawa sa Bikol, kadalasan nilalagyan lamang ng "halo" ang Bulkang Mayon at nagiging imahe na rin ito ng Mahal na Birhen ng Peñafrancia. Kaya nga kapag ikinukumpara ang lungsod ng Legazpi sa Albay at Naga sa Camarines Sur, hindi maiwasang laging ikinakabit ang dalawang imaheng birhen at bulkan. May isang paring Katoliko ang pabirong nagsabing hindi raw ganap na magpapakita ang Mayon kapag hindi na muna dumalaw sa Basilica ni Inâ. Popular naman na biro na ang sinumang hindi raw pakitaan ng Mayon sa unang dalaw nito sa Kabikolan ay maaaring hindi na "virgin".

Ang ganitong tunggalian sa pagitan ng dalawang lungsod ay bagay na pinaglaruan naman noong panahon ni Imelda Marcos, ang mahilig ring gumawa ng kanyang sariling aparisyon at milagro bilang First Lady. Ayon sa ilang taga-Nagang nakapanayam ko, sa lungsod ng Legazpi piniling ipatayo ang mga regional centers sa halip na sa Naga dahil balwarte di umano ng maraming mga anti-Marcos ang Naga. Hindi naman siyempre ito

tinatanggap ng mga kaibigan ko mula Albay, dahil geographically maraming wala sa Naga na kailangan sa pagiging isang progresibong lungsod. Walang dagat, walang mga malalawak at malalaking kalsada, at bilang huling suntok, tanging ang mga Kastila lamang ang pumili sa lungsod na ito, kung hindi lang raw sa mga deboto ng Mahal na Birhen ng Peñafrancia na pumupunta sa Naga tuwing Setyembre ay matagal na sigurong napagiwanan ang lungsod na ito. Dagdag pa, mas praktikal at madali rin para sa mga taga-Catanduanes, Sorsogon at Masbate ang gawin ang kanilang transaksyon sa Albay kaysa kung gagawin ito sa Naga. Ang ganitong mga pasaringan, pagtatalo-talo, at kompetisyon ng dalawang lungsod (Naga/Legaspi) at probinsya (Camarines Sur/Albay) ay buhay pa ring pinag-uusapan at lagi't laging napag-uusapan pa rin si Madam, na may kinalaman rin daw sa naging ruta ng Santo Papa na bumisita sa Bikol noong 1981at sa halip na sa Naga gawin ang misa, ginawa ito sa katedral ng Legazpi. Kailangang tandaan na ang Naga ang metropolitan see, ibig sabihin, ang arsobispo rito ang tumatayong first among equal sa mga obispo ng Kabikolan. Pumayag na lamang daw ang arsobispo ng Naga dahil sa kilala rin itong malapit sa mga Marcos. At upang hindi masyadong mahalata ang ginawang pakikialam ni Imelda sa naging ruta, nagkaroon na lamang ng *traslacion*, dinala na lamang si Inâ sa Legazpi para makita rin ito ng Santo Papa.

Dahil sa ganitong mga pakikialam ni Madam, kaya hindi raw talaga marahil nagawang "mahalin" ng maraming mga taga-Naga si Imelda lalo na nang bumagsak ang Colgante noong 1972, dahil tinitingnan pa rin ito ng marami na signos ng pagpasok ng buong bansa sa madilim na kabanata ng Martial Law, na pormal na inanunsyo noong Setyembre 23, pitong araw pagkatapos na bumigay ang tulay sa Naga. Tila palawit itong hinalbot ni Kamatayan mula sa kwintas at tuluyang nahulog. Mga butod na bangkay,

maiitim dahil sa burak at putik, parang mga isdang nakuryente, ang tumambad sa ilang pahayagan. Mga tunog ng ambulansya at plegaria ng kampana ng katedral ang narinig ng araw na iyon. Ngunit mabilis naman kaagad na nilamon ang trahedya ng mas malaki pang balita, at agad na naibaon sa limot ang malagim na pangyayari, dahil tumutok na ang buong bansa sa naging deklarasyon ng Martial Law. Kung kaya wala na ring masusing imbestigasyon ang naganap na maaari sanang maglitis sa ilang tao at institusyon na may tiyak na pagkukulang sa naging pamamaraan ng selebrasyon ng araw na iyon. May mga nagsasabi pa ngang may kinalaman ang mga Marcos o ang mga militar, sa pagkakaputol ng tulay upang maidagdag pa ito sa listahan ng mga pandemonium na sila rin mismo ang nag-akda.

Pagkatapos ng apatnapung taon, isang talibaba na lamang ang trahedya sa Colgante sa naratibo ni Inâ. Sa mga dance-drama, ito na ang tinitingan bilang pinakamalaking trahedya habang panaka-naka namang may lumalabas na sanaysay tungkol dito, katulad ng isang lumabas sa Vox Bikol noong 2011. Sa artikulong inilathala, may suhestyong palitan na ang pangalan ng Colgante at kilalanin na ito bilang “Faith Bridge” bilang paggunita sa 140 taong namatay sa insidenteng iyon. Walang sumeryoso sa naturang suhestyon. May isa namang blog ng mga Atenista sa Naga (Batch 70’s) na naglalaman ng mga kuwento kung nasaan sila noong araw na iyon at kung ano ang kanilang natatandaan sa nangyaring trahedya sa Colgante, ngunit hanggang sa ngayon, walang namang ginagawang konkretong aksyon para ipagpatuloy ang paglilitis o kung mayroon man kailangang alalahanin sa pangyayaring iyon sa ngalan ng hustisya man o ng debosyon. Tahimik pati ang lokal na simbahan tungkol dito. At kaya hindi na rin nakapagtataka na para sa marami ang nagyari sa Colgante ay dagdag-drama na

lamang sa kasaysayan ng debosyon kay Ina. Wala namang nagsusulong na gawing mga martir ng simbahan ang mga nangamatay dahil tiyak na magiging magastos ang proseso ng kanonisasyon.

Sa maraming dahilan at pagkakataon, ang trahedya sa Colgante ay itinuturing na lamang katulad ng iba pang kuwento, halimbawa ang pagkakahulog mismo ng imahen sa ilog at kung paano nag-unahan ang mga voyadores sa pagsisidsid sa kanya. Masamang signos iyon dahil nang minsang mahulog ang imahe, sunud-sunod na na bagyo ang humambalos sa Kabikolan at nasunog ng merkado sa Naga. Maraming ganitong kuwento kaya may ilang pasubaling kaya rin daw naputol ang Colgante ay dahil pinilit daw minsang sumakay ni Imelda sa pagoda. Itinuturing itong malaking kalapastangan dahil kinakailangang walang ibang babaeng nakasakay sa pagoda maliban kay Inâ. Selosa ang birhen pagdating sa ganitong bagay. At dito yata magsisimula ang hidwaang Imelda at Peñafrancia at kaya nang minsang mawala ang imahe, malakas ang kutob ng maraming deboto na may kinalaman muli dito ang Unang Ginang, ito'y sa kabila ng paglilinaw ng institusyonal na simbahan na walang basehan ang ganitong mga haka-haka at paniniwala katulad ng pagbabawal sa mga babae na sumakay sa pagoda, o, na laging may kaukulang parusa sa tuwing may "masamang pangyayari".

Ilang taon pagkatapos na bumagsak ang Colgante, nananatiling isang malaking selebrasyon ang piyesta sa Naga tuwing Setyembre. Ipinagdiwang ang 75$^{th}$ Canonical Coronation Anniversary noong 1999, at muling kinoronahan ng nuncio at arsobispo ang minake-over na imahen ng Inâ at noong 2011, ipinagdiwang ang ika-300 daang anibersaryo ng debosyon kay Inâ at isang malaking waiting shed na popular na tinatawag na "Porta Mariae" ang itinayo para gunitain ang naturang event. Masasabi na ang mga

mahahalagang pangyayari sa Kabikolan ay nananatili pa rin ayon sa kalendaryo ng Simbahang Katoliko. At ang piyesta ni Ina ang masasabing unang bugso ng Pasko sa Bikol, mas ramdam ang simula ng "ber month" sa Naga, at totoong nakikinabang ng limpak-limpak ang lokal na simbahan at ang lokal na gobyerno, sa kapiyestahang ito, mula sa mga military parade, street dancing, beauty pageants, prusisyon, trade fair, at samu't saring pakulo, bonanza, bagsak presyo at ilan pang more fun activities sa Naga. Tunay na ito ang okasyon ng debosyon at donasyon, sponsorship at patronship, ispiritwalidad at popularidad. Kung kaya totoong inaambisyon ng marami na makasakay sa pagoda ni Ina, dahil tiyak na center of attraction ang prusisyon sa ilog.

Sabi sa isang ariwagang Bikol, "An harani sa kuron, nauuringan nin dakulon," (Ang malapit sa kalan, mas makapal ang uling.) Kaya kanya-kanyang gapang ang mga "dakulang tawo" (malalaking personahe) para makasakay sa pagoda ni Inâ. Kamakailan balitang kinailangang bilhin ng isang senador ang isang t-shirt sa halagang isang daang libong piso, upang mabigyan lamang siya ng access sa pagoda. Sa ibang bersyon, boluntaryong ibinigay daw ng dating meyor ng Naga ang kanyang slot kapalit siyempre ang ilang favorable graces mula sa senador na nagpakilala rin bilang deboto ni Ina. Nakakuha ng entrance ang senador at habang umuusad ang pagoda sa matandang ilog, pakaway-kaway pa ang senador, nakangiti, nakikipagkamay sa mga "dakulang tawo", mga obispo at tanang kaparian, mga sundalo at abogado, mga managers ng bangko at mga opisyal ng kung ano-anong religious organizations at pastoral councils, samantalang sa pampang ng ilog naroroon ang mga deboto at turista, naghihintay sa pagdaan ni Inâ. Marahil inisip ng estangherong senador na sa kanya iwinawagayway ng mga tao ang kanilang mga panyo at labis niya itong ikinatuwa. Dahil aktor din ang nasabing senador,

marahil inisip niyang nakasakay lamang siya sa isang float ng isa sa kanyang mga pelikulang pang-Metro Manila Film Fest. Ano kaya ang tumatakbo sa isip niya habang palakas nang palakas ang sigaw ng “Viva La Virgen!” sa lahat ng sulok?

Laging nakakapanindig balahibo ang eksena sa Naga lalo na kapag dahan-dahan nang kumakagat ang dilim habang lalo namang nagniningas ang mga itinirik na kandila at gasera sa pampang ng ilog. Kapansin-pansin naman ang papitik-pitik na mga flash mula sa mga kamera na parang mga batang kidlat, tumatama sa balat, sa rabaw, sa pagoda. May nakukunan. Muling nagkakahugis ang ilog na biko-biko, parang isang naga o ahas na dahil sa mga ilawan sa gilid nito ay tila kumikinang ang balat nito, patay-sindi dahil na rin sa hanging nagmumula marahil sa Bundok Isarog. Parang kaliskis nin Oryol, ang babaeng ahas sa epikong Ibalon! Sa akin, ang prusisyon sa ilog ay ang muli’t muling panunumbalik ng mga Bikolnon sa primodyal na kalagayan. Ito ang panahon na pinaghahalu-halo ang mga dasal at awit, ang mga palakpak at pagpipigil ng mga nais sasabihin, ang mga pagpipigil-hininga lalo na kapag tila nagkakaroon ng sagabal sa pagsagwan ng mga voyadores, dala ng mababaw na tubig, makapal na putik, o ng malakas na agos ng ilog.

May ilang pagkakataong tila hindi makausad ang pagoda, at sa ganap na muli itong gumalaw, magsisimulang muling sumigaw at magpalakpakan ang mga tao, maging ang mga nanonood sa telebisyon at nakikinig sa radyo. Ganito rin kapag Traslacion, urong-sulong ang prusisyon at kapag halos mabubuwal na ang andas ni Inâ dahil na rin sa nangyayaring agawan, tulukan, bangayan ng mga voyadores saka na lamang biglang may kung anong puwersang kikilos para manumbalik ito, muling maitayo at makausad ang

prusisyon. Sa aktong ito muling magsisipagpalakpakan ang mga deboto, at sisigaw ng magkakasunurang "Viva!"

Mangyaring napagod na lamang ang senador sa kakakaway sa mga deboto at dahan-dahan na lamang itong umupo at nanatili sa isang sulok ng pagoda. Kaya sabi ng isang bakla: "Napagoda na si Kap, di kinaya siguro ang amoy ng mga Macario Sakay." Akala niya rin marahil ay makukuha niya ang atensyon at loob ng mga Bikolnon sa pamamagitan lamang ng pagsakay sa pagoda. Kung sa bagay hindi na rin bago ang ganitong eskima ng mga pulitiko na magpakuha ng larawan katabi si Inâ, sumakay sa pagoda, sumama sa *Traslacion*, magparetrato, magpainterbyu sa telebisyon, para makuha lamang ang boto ng mga Bikolnon. Sa Katolikong Bikol, mahalagang kasangkapan ang imahe ng birhen para ligawan ang ang mga Bikolnon. Sa pagsakay naman ng senador sa pagoda, may ilang matandang nagbanta sa sunod na malaking trahedya maaaring mangyari kapag ipinagpatuloy ang ganitong bilihan ng t-shirt at pagpapasakay ng kung sino-sino sa pagoda.

Sa isang banda, totoo sigurong ang "Sakay" ang gumambala sa mga buwaya at kaya tuluyan na nilang nilisan ang ilog. Nangawala na lamang sila. Kailan nga ba nagsimula ang sakay, kasabay ba ito ng Traslacion o una na itong ginagawa ng mga Bikolnon bago pa ang nakagawiang paglipat ng birhen sa katedral? Kung gayon, maaari kayang mas suanoy ang sakay dahil sa pamamagitan ng prusisyon sa ilog muling bumabalik ang mga Bikolnon sa kanilang katutubong paniniwala, ang paglusong sa ilog, sa ugat ng sinaunang sibilisasyon, na ginagawa minsan lamang sa loob ng isang taon dahil sa mga darating na araw, muling babalik ang katahimikan sa ilog, sa "ordinaryong panahon" ng simbahan, habang sa may Colgante na konkreto na ngayon, at tila hindi na

muling bibigay, may isang matandang babae na tapat na nagsisindi ng kandila sa may pampang malapit sa bumagsak na tulay, walang mintis, sa loob ng apat na dekada, kasama ang kanyang isang itim na aso na kung minsan ay tahol nang tahol na para bagang may mga nilalang itong nakikita sa ilog.

**II. August 15, 1981: Ilang Assumptions Sa Pagkawala Ng Birhen**

Itinuturing na isang dogma ng simbahang Romano Katoliko, na dahil hindi nabahiran ng kasalanang orihinal ang Mahal na Birheng Maria, makatuwiran lamang na buong katawan at kaluluwang nakapasok siya sa kaluwalhatian ng langit. Kaya noong Nobyembre 1, 1950, sa piyesta ng lahat mga banal, minarapat na idineklara ni Papa Pio XII ang dogma ng Our Lady of Assumption. Ganunpaman, sa kabila ng pagiging dogma nito, nanatili pa rin ang mga usapin at pagtatanong tungkol sa kung ganap nga bang namatay ang Mahal na Birhen? Dahil ang kamatayan ay isa sa mga parusa ng orihinal na kasalan, at dahil ipinaglihi siya ng walang kasalanan, makatuwiran kung gayon na paniwalaang hindi nga namatay ang Mahal na Birhen at ito'y "naidilip lamang". O tulad ng kanyang bugtong na anak, muli siyang nabuhay pagkatapos ng tatlong araw at saka buong katawan at kaluluwang pumasok sa kaharian ng langit.

Napakayaman ng iba pang apokripal na kuwento at mga teolohikal na diskurso mula sa antigong panahon ang nagsasalaysay at nagpapaliwanag ng bahaging ito sa buhay ng Mahal na Birhen. May isang kamangha-manghang kuwento akong nabasa noon na nagsasabing mula sa kani-kanilang mission areas, umalis ang mga alagad ni Jesus sakay sa mga ulap at muling nagtagpo-tagpo sa paligid ng Ina ng kanilang maestro na noon ay tuluyan nang "natulog nang mahimbing". At gaya ng dati, absent uli si Santo Tomas sa araw ng libing kung kaya muling pinabuksan ang libingan para sa kanya, at

muling tumambad sa mga alagad ang pamilyar na eksena ng resureksyon: walang labi, maliban sa telang ginamit upang balutin ang katawan ng birhen.

Sa kalendaryo ng Simbahang Katoliko, Agosto 15 ang itinakdang kapiyestan ng Our Lady of Assumption, isang mahalagang Marian Feast, na isa nga itong public holiday sa maraming bansa sa Europa at Latin Amerika. Samantalang sa simbahan ni Inâ sa Naga, noong Agosto 15, 1981, bago ang misa para sa mahalagang araw na iyon, napagtanto ng rektor na si Msgr. Sofio Balce na nawawala ang imahen ni Inâ. Wala si Inâ sa kanyang altar. Literal na naging Our Lady of Assumption ang Birhen ng Peñafrancia. Itinuro naman ng sakristan sa kura ang napansin nitong sirang mga bakal ng isang bintana na maaaring naging lagusan ng mga magnanakaw.

Agad namang pinaalam sa publiko ang nangyaring pagkawala ng imahen ng birhen. Nagkapakpak ang mga bibig ng mga manang. Pinatunog ang kampana na nag-aanunsyo ng masamang balita: lumabas sa kampanaryo ng Francia ang tunog na maririnig lamang kapag may inililibing o kaya may epidemya. “Nawawara si Inâ!”Agad namang nagtipun-tipon ang mga pari at madre, ang mga taga-Naga at marami pang mga deboto mula sa karatig-bayan papuntang Plaza Quezon para sa isang Misa ng Bayan na humihiling na sanay muling makabalik si Inâ. Sa araw ng kapiyestahan ng Our Lady of Assumpation naging Our Lady of Lost Image ang Inâ ng Naga. Nangamba ang marami sa posibleng ganti ng langit sa nangyaring pagnanakaw. May nagsabing maaaring muling sumabog ang Mayon o ang Isarog, o kaya dumalaw ang mga bagyong katulang ng Sineng, isang pangalan na kinatatakotan noon na parang mga pangalan ito ng aswang. Sa katunayan, susundan pa talaga ng maraming bagyo sa Kabikolan na may mga pangalang amoy-ataul, di umano: Monang, Rosing, Reming. Sa Bikol, maliban sa litanya kay Inâ,

maaari ding isulat ang litanya ng mga pangalan ng bagyo. At kung may bagyo, si Inâ, ang Birhen ng laging Saklolo. Tuwing may paparating na unos, laging pinapatugtog sa mga radyo ang himno sa birhen, ang *Resuene Vibrante* at dinadasal ang *Oratio Imperata* na naging sikat na ring dasal sa iba pang rehiyon, lalo na ngayon na madala nang bagyuhin sa Bikol. May nagsabi pa ngang isang nagpapaka-erehe na pwede na raw na gawing bahagi ng One Town One Product ang nakapaketeng dasal.

Sa pagkakawala ni Ina, una munang lumabas ang imbentaryo ng maaaring parusa lalo na nang nagsimula nang magbulungan ang publiko sa kung sino o sinu-sino ang maaaring may pakana sa pagnanakaw sa imahe ni Inâ. Lumabas sa inisyal na report ng pulisya na isang sindikato na nasa Daet, Camarines Norte ang nasa likod ng krimen. Para naman sa mga taga-media ipinataw ang bintang sa mga treasure hunters at antique collectors sa Manila na tumitiba ng limpak-limpak sa mga international black markets. Kung mga elephant tusks mula Africa at India ang illegal na pinagpapasa-pasahan sa merkado, sa Filipinas, mga pugot na ulo at kamay ng mga santo at santa ang ibinebenta. Agad namang kumalat o ipinagkalat ang balitang may kinalaman ang Unang Ginang bilang siyang mastermind sa "pagkidnap" kay Ina. Idadagdag diumano sa koleksyon ng mga alahas ni Imelda ang mga hiyas na nakasamyo sa Mahal na Birhen ng Naga. Mga hiyas na unang ikinabit sa kanyang korona noong nagsimula na siyang maging birhen ng katedral malayo sa kanyang unang pagiging patrona ng mga cimarroness. Mga dyamante at brilyanteng ibinigay ng mga taong may interes sa pagpapabor ng simbahang Katoliko.

Kailangang tandaan na hindi na rin naman bago sa kasaysayan ng Peñafrancia at ng mismong Simbahan Katoliko ang tungkol sa mga nawawalang imahe ng mga santo at santa. Sa katunayan, ang debosyon kay Inâ sa Naga ay nagmula sa Salamanca, Espanya

na hinanap muna sa loob ng matagal na panahon ni Simon Vela ang imahen bago nila ito natagpuan sa isang yungib sa Peña de Francia. Minsan na ring nawala ang imahe sa Europa at natagpuan itong pira-piraso na lamang sa labas ng santwaryo. May mga kuwento namang gumagala naman talaga ang mga imaheng ito, katulad ng Santo Niño sa Tondo na kailangan pang "putulan ng paa" para hindi na ito muling makabalik sa Cebu. Sinasabing nagdala rin ng isa pang imahen ng batang si Jesus ang isang prayle sa Tondo ngunit lagi itong nawawala at muling nakikita sa Cebu kasama ang Santo Niñong ibinigay ni Magallanes sa reyna ng Sugbu. Para masolusyonan ang ganoong paglalakwatsa ng bata, sinabing pinutol ng isang prayle ang paa ng imahen para hindi na ito muling makabalik sa Cebu, ngunit nawawala pa rin ito sa kanyang altar at muling natatagpuang nakabalik na muli sa kaharian ni Humabon.

Sa bayan naman ng Nabua, Camarines Sur, una kong narinig ang kuwentong nabubuhay ang imahen ni Santiago at ang kanyang kabayo at sinusundo pa di umano ang isa pang santo sa karatig na baryo, si San Ramon, para magkasamang ligawan naman ang santang si Eulalia sa bayan ng Baao. Bumabalik naman daw ang mga imahen sa kani-kanilang altar bago sumikat ang araw at ang patunay ng ilang matanda na talaga ngang nabubuhay si Santiago ay laging may putik sa paa ng kabayo sa tuwing lilinisan na ito ng caretaker ng kapilya. May ilang nagsabing lumalaki rin daw kasi ang bayag ng kabayo ng santo. Marami namang kuwento na nagiging shapeshifter pa nga ang mga santong ito. Sa barangay Tapayas sa bayan ng Balatan, nagiging manok daw ang patron na si San Antonio Abad tuwing kapiyestahan niya, kung kaya ingat na ingat ang mga tao na katayin ang lahat ng manok at baka makatay nila ang kanilang patron.

Sa pagkawala ng imahe ni Inâ, hindi mga kuwentong katulad ng Santo Niño ng Cebu at Santiago sa Nabua ang lumitaw, kundi mga haka-haka kung sino nga ba ang salarin sa naging pagnanakaw sa antigong imahe lalo pa't kasamang nadugas ang mga dyamante at palamuting nakaadorno sa imahe. Mga hiyas ito na ibinigay ng mga prominenteng pamilyang simula nang magkaroon na rin ng interes sa birhen ng mga cimmarones ang mga buena familia ng Kabikolan. Dagdag pang naging pabigat sa loob ng maraming deboto na nangyari ang nasabing pagnanakaw sa birhen, isang buwan bago ang taunang selebrasyon ng piyesta. Kaya agad namang nagpagawa ang simbahan ng panibagong replica at sa kagandahang loob ayon na rin sa chaplain sa Malakanyan na isa ring Bikolano, nagpagawa na rin si Imelda ng replica na hiniling niya sanang iyon ang gamitin para sa taunang prusisyon noong 1981. May ilang pari at mga taong malalapit sa simbahan ang hindi raw nagustuhan ang imahen na ibinigay ni Imelda dahil may pagkakahawig ang bagong Inâ sa First Lady.

Matatandaan rin na nawala ang imahen ni Inâ sa kasagsagan ng pagpapatayo ng bago at unang basilica sa Bikol. Dahil sa nangyari pagkawala ni Inâ at pampalubag-loob na rin marahil, nangako si Imelda ng malaking ayuda sa pagpapagawa ng bagong simbahan para kay Inâ. Para kay Imelda, ito na ang kanyang magiging malaking regalo sa mga Bikolnon. Sa mga lumang dyaryo na inilathala noon sa Bikol, masasabing hati naman talaga ang loob ng maraming Bikolnon sa pagpapatayo ng basilica kung kaya naging mahirap ang paglikom ng pondo at donasyon, ngunit naging mabilis ito ng pumasok na sa eksena si Imelda dahil katulad ng maraming buildings sa Manila na uru-uradang pinagawa ni Imelda, ang basilica sa Naga ay manipestasyon pa rin ng edifice complex ng mga Marcos at ginawa itong priority project ng Unang Ginang upang kahit

papano ay mapalapit na rin ang loob ng mga debotong Bikolnon ni Inâ sa nagpapakilalang Ina ng bayang Filipino.

Sa isang pagbisita ni Imee Marcos sa Naga noong nangangampanya ito para maging senador, pinangalandakan niyang ang kanyang nanay ang talagang nagpagawa ng basilica. Pahayag na hindi tinanggap ng maraming deboto at muling nagpaalala sa mga haka-hakang ang nanay niya ang tunay na salarin sa pagkawala ng birhen. Sa isang editorial sa Bicol Mail, sinabing maraming donasyon din ang nagmula sa mga ordinaryong Bikolnon ang ginamit upang mabuo ang estruktura ng simbahan at hindi makatuwirang sabihing si Imelda ang kumargo sa lahat ng gastusin. Ngunit totoong bumuhos nga naman talaga ang pondo sa simbahan ng Naga dahil sa balitang malapit ang arsobispong si Teopisto Alberto na naging presidente ng Catholic Bishops Conference of the Philippines o CBCP noong panahon ng Martial Law, at dahil Bikolanong pari rin ang chaplain ng mga Marcos.

Ang pagbibigay ng replica at ang pagpapabilis sa pagtatayo ng basilica ay pawang mahalagang akto kay Imelda na matagal na ring nangangarap na maging “Ina ng Bayan”. Bahagi ito ng kanyang “pagmamaganda”. Ngunit sa halip na ikagalak ng maraming mga deboto ni Ina, lalong lumakas ang kutob nilang may kinalaman nga sa pagkawala ni Ina ang asawa ni Marcos. Tubog sa ginto rin daw ang mga dyamanteng ibinigay na donasyon ni Imelda sa replica ni Ina. Pampalubag sa loob na lamang daw ang ginagawa ng Unang Ginang at hindi naman ito lumubos na ikinatuwa ng maraming Bikolnon. Ilang buwan matapos ang pagkidnap sa imahen, nagsimulang lumabas ang mga birong sanay na sanay naman raw talaga ang mga Marcos  sa ganoong gawain ng pagkidnap katulad ng nangyari kay Tommy Manotoc at sa marami pang nawala dahil sa Martial Law.

Sa pagkawala ng Ina, marami pang kuwentong lumabas at pinagpiyestahan ng mga Bikolnon. Katulad halimbawa ng kamatayan ng isang pulis na kasama sa mga rumesponde at humabol sa mga tinutukoy na salarin, ngunit biglang may armadong grupong tumambang sa kanila sa Sipocot, Camarines Sur at nagkaroon ng engkwentro. Agad namang tinaguriang martir ni Inâ ang nasabing pulis. Ngunit katulad ng nangyari sa Colgante, wala naman talagang masusing imbestigasyon ang nangyari sa pagkawala ni Inâ at sa nasabing pananambang sa mga pulis na rumesponde. Muli, tahimik ang simbahan sa isyung ito at hanggang ngayon ay wala pa ring linaw kung sino o sinu-sino ang mga kasabwat sa pagnanakaw sa imahe ng Peñafrancia. Malinaw na puros "assumptions" lang ang lahat.

Sa loob ng ilang buwang paghahanap kay Ina, nagpatuloy ang drama na parang isa itong telenobela, may ilang mga taong nagsabing katulad ni Simon Vela, napanaginipan din nila si Inâ at sinabi sa kanila ng Mahal na Birhen ang kanyang eksaktong lokasyon. Isa sa mga nangahas ang isang lalaking taga-Pasacao na nagsabing naroon lamang raw si Ina sa likod ng simbahan kung kaya bigla na lamang itong nagpasimulang manawagan na samahan siya sa kanyang paghuhukay sa sementeryo ng Francia, sa likuran ng simbahan. Ang sementeryong ito ay libingan ng maraming prominenteng tao sa Naga katulad ng mga Villafuerte, Arejola, Yllana at Almeda. Katulad nang inaasahan dinumog ng mga tao ang okasyon sa pag-asang napanaginipan nga talaga ng taong iyon ang tunay na lokasyon ni Inâ. Umasa ang marami na kahit nilimas na nila ang mga hiyas, basta't makabalik lang sana ang katawan ni Inâ, ang nililok na kahoy at "kinulayan" ng dugo ng aso, ngunit katulad ng mga alagad ni Jesus, matapos ang buong araw na paghuhukay sa sinasabing napanaginipan at itinurong

lokasyon ni Ina, muling tumambad sa mga sumasaksi at nagmiron ang libingang walang laman.

**III. Setyembre 8, 1982: Ang Misteryo ng Chop-Chop Lady ng Peñafrancia**

Kung misteryoso ang pagkawala ni Inâ, lalo namang nababalot ng samu't saring "manto" (katawagan sa damit ni Inâ) ang mga salaysay nang muli niyang pagkakatagpo. Sa katanuyan maraming mga bersyon ang lumilitaw hanggang sa ngayon, katulad halimbawa na sa Cebu raw talaga natagpuan si Inâ, at hindi naman talaga ito isinauli sa opisina ng CBCP, gaya ng naging pahayag ni Msgr. Florencio Yllana, ang liason officer ng kapisanan ng mga obispo. Si Msgr. Yllana ay dating rector at kura rin ng Peñafrancia Shrine sa Naga. Siya rin ang nagsulat ng pangunahing dasal sa Mahal na Ina. Nakalibing siya ngayon sa kamposanto sa Francia, tumbok sa mismong altar ng Mahal na Birhen.

Nang pumutok ang balitang muli nang natagpuan si Inâ, agad namang lumabas ang news item na naging instrumental si Imelda sa muling pagkakahanap sa imahe. Isang bagay na agad namang pinabulaanan ni Msgr. Yllana na siyang direktang nakipag-usap sa isa sa mga magnanakaw na diumano'y napilitan nang isauli ang Mahal na Birhen dahil nagsisimula na siyang "makonsensya at kung ano-ano nang kamalasan ang nangyari sa kanila". Ayon kay Msgr. Yllana, hindi raw lumabas o nabanggit man lamang ng magnanakaw ang pangalan ng Unang Ginang at hindi rin totoo na nagkaroon ng pagbabayad sa ginawang pagsasauli sa imahe ni Inâ. Nakuha sa santong dasalan ang lahat.

Sa mga salaysay ni Msgr. Yllana, nananatili ang kawalang kaliwanagan sa naganap na pagkawala at pagsasauli sa imahe ni Inâ. Tinatapos ang lahat sa pahayag ng pari na sapat ng dahilan ng pagpapasalamat ng mga Bikolnon at mga deboto na muling

nakabalik ang birhen. End of story na dapat dito. Ngunit hindi. Dahil sa naratibo ng pagkawala at pagsasauli kay Inâ, may lungkot at tinik sa dibdib sa mga deboto, kapag dumarating sa detalyeng ginawang chop-chop lady ang antigong imahen ni Inâ. Kinailangang pagpira-pirasuhin ang imahe upang huwag kaagad itong matunton. Sinasabing ipinasok din sa drum at sako ang iba't ibang bahagi ni Inâ. At kaya rin siguro may mga sabi-sabing nakita rin ang imahe sa isang pusali sa Cebu, dahil na rin sa pinagpira-piraso nga ang imahe ng mga magnanakaw. Hindi kaya humihingi ng tulong ang Ina sa kanyang Anak, ang Santo Niño, ang Salvador del Mundo? Hindi malayong isipin ito ng mga susunod na magkukuwento sa misteryosong pagkawalang ito ng imahe.

Nang ganap nang maisauli si Inâ sa mga opisyal ng simbahan, agad itong kinilala ng Arsobispo ng Caceres at ng ilang mga matatandang pari. Sa testimonya ni Msgr. Yllana, wala na ang mga dyamante at mamahaling alahas nang isinauli ang antigong imahe. Ganun pa man, napuno ng galak ang puso ng mga saserdote at nagkasundo sila na ang chop-chop lady ay ang kanila ngang nawawalang Inâ, dahil na rin sa mga partikular na katangian nito: duling na mata, uka sa ganitong bahagi, at iba pa. Dali-dali namang kinumisyon ang muling pagbubuo sa imahen nang sa gayon agad itong maibalik sa kanyang tahanan sa lungsod ng Naga, kung saan naghihintay na ang marami sa kanyang mga nangungulilang deboto. Nang taong iyon, tuluyan nang natapos ang basilica at akmang-akma na sa kanyang pagbabalik ay may bagong tahanan siyang uuwian. Tahanang binatikos ng maraming deboto lalo na't umeksena na ang Unang Ginang sa konstruksyon ng nasabing simbahan.

Sa pagkakasauli kay Inâ, agad na nagdaos ng misa ang mga pari sa opisina ni Msgr. Yllana. Sa mga naunang balita, napaulat na mismong ang Unang Ginang ang

pumunta sa opisina ni Msgr. Yllana para sumama sa liturhiya ng pasasalamat. Maraming mga Bikolanong pulitiko at opisyal ng gobyerno ang agad na sumugod naman sa CBCP upang dumalo sa nasabing pagtitipon. May nagpakuha ng larawan katabi si Ina na magiging laman naman ng pahayagan sa Bikol. Matapos ang mga naging pag-uusap ng mga opisyal ng simbahan at ilan pang prominenteng tao sa Bikol, napagkasunduang ibalik si Inâ sa Naga sa mismong araw ng kapiyestahan ng kapanganakan ng Mahal na Birheng Maria (Setyembre 8). Kaya nga perfect ang timing, nagkakasunud-sunod ang mga pangyayari na parang orchestrated ang lahat simula sa pagkawala ng imahe hanggang sa muli nitong pagbabalik noong 1982 na kasabay din ng inaugurasyon ng kanyang bagong tahanan, ang basilica. At di lamang dito nagtatapos ang kuwento ng pagbabalik ni Inâ, dahil sa mismong araw na iyon, sinasalanta ng Bagyong Ruping ang Kabikolan, at mapaghimalang lumiliwanag diumano ang kalangitan sa bawat bayang nadadaanan ng convoy ni Ina. Hindi rin nakapagpigil ang mga taong lumabas at magtungo sa katedral para sa Misa ng Pasasalamat sa kabila ng banta ng kalikasan. May ilan namang malayo sa Naga ang patuloy na nag-abang na lamang sa balita tungkol sa pagbabalik ni Inâ.

Sa kauna-unahang panahon, hindi tungkol sa nagdaraang bagyo ang laman ng balita, kundi si Inâ. Dagdag pang espektakulo ang balitang bigla na lamang humupa ang tubig-baha sa mga mababang lugar tulad ng Minalabac, Milaor at San Fernando na dadaanan ng convoy papasok ng Naga, at nang ganap na makapasok na sa Naga ang convoy biglaang nagliwanag ang langit, at tuluyang humupa ang buhos ng ulan at tila nagpigil na makahinga ang hangin, hanggang sa ganap na pinatunog batingaw sa katedral

na maluwalhating ibinibalita ang pagdating ni Inâ. Isang kakaibang *traslacion* ang nangyaring homecoming na ito ng Birhen ng Peñafrancia.

Matapos ang misa, wala nang nangahas na magtanong sa kung sino at paano nga ninakaw si Inâ, at ang mga saserdote na rin mismo ang sumupil sa anumang pag-uusap na maaaring magturo sa mga tunay na salarin. Ayon sa hirarkiya, sapat nang nakabalik si Inâ. Higit na mahalaga pa rin ang kahoy dahil ito si Inâ, at hindi ang kanyang mga dyamante na ikinabit lamang sa kanya sa paglipas ng panahon. Madali namang tinanggap ng marami ang ganitong paliwanag bilang "sabi ng pari, hindi mababali."

Sa akin, ang pagbabalik ni Inâ noong 1982 ay ang Traslacion ng mga Traslacion dahil nakilahok ang langit sa buong produksyon ng nagbabalik na patrona. Isang homecoming na puno ng himala. Kung kaya noong mismong taong iyon, kinailangang itampok din ang isang engrandeng prusisyon sa ilog na ganap na magtatapos sa bagong tayong basilica, ang simbahang sinasabing regalo din di umano ni Imelda kay Ferdinand. Sina Jaime Sin at Rufino Santos, dalawang kardinal, ang naging mga panauhing pandangal sa naging selebrasyon noong 1982.

Masasabing ang grandyosong pagbabalik ni Inâ ay sapat na para kalimutan ang nangyaring pagnanakaw sa nasabing imahe, at dahil ang hirarkiya pa rin ng simbahan ang ganap na nasusunod sa pagsasakasaysayan ng naturang debosyon, sapat na ang itala ang nasabang pangyayari bilang isang mahalagang detalye sa naratibo ng debosyon ng Peñafrancia sa Naga katulad ng trahedya sa Colgante. Walang imbestigasyon, walang pagsubok at pagtatayang inilaan ang simbahan man o ang awtoridad upang ganap na magbigay ng linaw at hustisya lalo pa't may mga buhay na nalagas sa proseso ng pagtatanghal ng trahedya sa Colgante at ang drama ng pagkawala ni Ina. Dahil sa walang

malinaw na konklusyon, kung kaya hanggang sa ngayon, nananatili ang mga haka-haka at ang mga ipinapalagay na lamang na mga "himala" bilang esensyal sa naratibo ng pagkawala at pagsasauli sa imahe ni Ina. At may kutob ako na pinapanitili na lamang sa ganitong kalagayan ang buong salaysay ng Peñafrancia, dahil nakapadron naman ang buong naratibo ng Katolisismo sa mga salaysay na apokripal, sa kagila-gilalas, sa walang lohikal na pahayag upang makalusot pa rin ang mga pinaghihinalaang pusakal. Sa madaling sabi, sinusunod na lamang natin ang pasya ng iba at tinatanggap na lamang ang mga ito, kahit ang mga hindi natin maunawaan at maipaliwanag katulad ng pagkawala at muling pagbabalik ni Inâ. Tinatanggap natin ang mga himala upang patahanin o di man upang lusawin ang ating mga hinala, kahit na wala naman talagang pinagkaiba ang mga hinala o himala sa marami sa atin.

Sa palagay ko ang dahilan ng naging pagturing sa mga Marcos bilang mga mitikal na personahe ay nakagamot din sa di malinaw at walang kakayahan nating tingnan kung alin ang kahina-hinala at kung ano ang sinasabi nating "himala", at tunay nga namang matagumpay na naisakatuparan ng mga Marcos ang metapisikal na representasyon ng "maharlika" at "bagong lipunan" na nakapaloob naman sa ubod ng relihiyong monoteyismo, katulad ng Kristiyanismo na nagtataguyod naman sa debosyon sa "isang" Ina, sa "isang" diwa at "isang" bayang pinili o "pueblo amante Maria". Nakapagtayo sila ng mga bagong templo katulad ng ginawa ni David at Solomon sa Jerusalem. Naisulong nila ang pagbabagong lipunan sa pamamagitan ng pag-aalay ng dugo sa altar ng bayan: militar man ito ang mga inaakalang rebelde. Naipakita nila ang maraming palabas: kung ano ang "ubod", ang "loob", ang "esensyal" sa pagiging Filipino/Kristiyano. Sa madaling sabi, nangusap din sina Ferdinand at Imelda Marcos sa wika at sistemang itinataguyod ng

Katolisismo kung saan ang buong salaysay ng pagnanakaw at pagtubos, ng sakripisyo at kabayanihan, ng pag-alaala sa mabuti at paglimot sa kasalanan ay nanatiling pinakaugat ng relihiyon, sa parehong paraan na ito rin ang diskursong pinapairal sa pagtataguyod ng bagong lipunan. Ang lehitimasyon ng Martial Law ay nakapadron sa doktrina ng purgasyon (Sa ikakaunlad ng bayan, disiplina ang kailangan) at ang kumbersyon ng bayan. Naisakatuparan nila ang pagiging Malakas at Maganda, ang pagiging hari at reyna sa isang bansang napakaraming mga obispo. Kung kaya masasabing matagal ring nakipagsayaw ang simbahang Katoliko sa doktrina ng mga Marcos. Kaugnay ng kanilang propoganda ng pagbabagong lipunan ang doktrina ng pagbabagong buhay. At huwag nating kalilimutan na ang mga Marcos rin ang nangampanya at nagsulong upang sa unang pagkakataon nagkaroon ang Filipinas ng unang beato sa katalogo ng mga kanonisadong mga banal.

Matatandaan na ang beyatipikasyon kay Lorenzo Ruiz sa Luneta Park noong 1981 ay ang unang pagkakataon na ginawa sa labas ng Roma ang nasabing sagradong seremonya. Matatandaan din na ang mga Marcos din ang nagpasimuno upang maghanap ng maaaring maging gawing santong Filipino at ito'y bilang bahagi rin ng kanilang muling pag-aakda ng bansa na sinuportahan naman ng buong aparato ng Simbahang Katoliko. Kasama rin daw sa kondisyon na ibinigay ng Roma, na kailangan munang alisin ni Marcos ang Martial Law sa Filipinas bago bumisita ang Santo Papa noong 1981. Sa pagbisita ni Gloria Macapagal Arroyo sa Vatican noong 2006, ibinigay rin niyang "regalo" kay Ratzinger ang kopya ng batas sa Filipinas na tinatanggal na ang parusang death penalty, ito'y sa kabila ng napakaraming kaso ng extra-judicial killings sa panahon ni GMA. Samantalang marami namang mga bali-balitang mismong ang mga kura at mga

obispo ang pumipila sa Malakanyan noong panahon ni Marcos, upang maghandog ng mga antigong gamit, mga kalis at siburyom at imahe ng santong yari sa garing, at mula ito sa kani-kanilang mga parokya. Kung sa bagay, maging sa panahon naman ni Gloria Macapagal Arroyo, mauulit pa rin naman ang ganitong eskima ng simbahan at ng pamahalaan, halimbawa na lamang ang kaso ng Pajero bishops, at ang pagkakaroon niya ng Presidential Adviser for Religious Affairs, na ang pangunahing tungkulin ay mag-abot ng donasyon sa mga tuta ng Roma.

Ngunit anumang misa ay kailangang magtapos, anumang pagsasayaw ay kailangang may kapalit, kaya sa huli, hiniling ng kardinal ng Manila at ilan pang mga obispo ang pagpapatalsik sa mga Marcos nang pati ang Radio Veritas ng simbahan ay sinalakay na rin ng mga militar ni Marcos. Kaya nang manawagan si Jaime Sin na magtipun-tipon ang lahat sa EDSA upang pigilan ang pagdanak ng dugo sa pagitan ng dalawang kampo ng militar, ang mga balimbing at mga saging, dito muling nagpakita ang iba't ibang imahen ni Ina, may Santo Niño, may mga krusipiho, at iba pang mga patron na iprinusisyon, dala-dala ng maraming mga madre, kasama ang mga seminarista at paring mga nakaabito. Parang naging piyesta sa Naga ang naging pagtitipon na ganap na magpapatalsik kina Malakas at Maganda sa kanilang nuestro perdido eden.

Habang nagaganap di umano ang malaking pagtitipon sa EDSA, sa isang monasteryo sa Cebu at sa kapilya sa Malakanyang parehong nakaluhod at tangan-tangan nina Imelda Marcos at Corazon Aquino ang kani-kanilang rosaryong mula sa Santo Papa. At sinasabi ng ilang saksi na sumabit sa isang balustre at napatid ang hawak-hawak na rosaryo ni Imelda habang paalis na ito sa Malakanyan noong Pebrero 25, 1986. Para raw itong Colganteng tuluyang bumigay.